

United Church of Church in the Philippines
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:
Spirituality for these Critical Times

Ikatlong Linggo ng Pamamayani ng Diyos (3rd Sunday in Kingdomtide)
Ika- 10 ng Setyembre 2017
(Aralin para sa Matatanda)

“Ang Kapayapaan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”
(Peace as a Kingdom Value)

Araling ga Talata sa Biblia

Lumang Tipan: *Isaias 32: 16-18*

v¹⁶Ang katuwiran at katarunga'y maghahari sa lupain

v¹⁷Pagkat pawang katuwiran ang gagawin ng bawat isa

Kaya iiral ang katahimikan at kapanatagan magpakailanman.

v¹⁸Ang bayan ng Diyos ay malalayo sa kabalisahan

At mamumuhay nang tiwasay.

Bagong Tipan: *Mateo 5:9*

*v⁹“Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo,
sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya.*

Pangkalahatang Kaisipan:

Ang Iglesia ay nakikibahagi sa pagtatatag ng kapayapaan sa pamamagitan ng pag-alis ng mga ugat ng kawalang-katarungan at pagpupunyaging makamit ang kapayapaan.

Susing Kaisipan:

Tinutuligsa ng Iglesia ang kawalang katarungan upang umiral tunay na kapayapaan.

Paliwanag Ukol sa Talata:

Ang aklat ng Isaias ay nagbubunyag ng buong sukat ng paghatol at kaligtasan ng Diyos. Ang Diyos ay "ang Banal ng Israel" (1:4; 6:1) siyang tiyak na magpaparusa sa mga suwail (1:2) ngunit pagkatapos nito sila ay ililigtas (41:14,16). Ang Israel ay isang bansa na naging bulag at bingi sa mga tagubilin ng Diyos. Sa lahat ng ito, naranasan nila ang kakila-kilabot na hatol ng Diyos gayon ma'y ang Dios ay mahahabag sa kanyang bayan, at ililigtas sila mula sa pampulitika at espirituwal na pang-aapi. Ang kanilang pagpapanumbalik ay tulad ng isang bagong exodo habang tinutubos at nililigtas sila ng Diyos. Ang araw na iyon ay mamarkahan ng kapayapaan at kaligtasan kapag ang isang hari ay bumaba mula sa lipi ni David na maghahari na makatuwiran at ang bayan ng Diyos ay hindi na pinahihirapan ng mga pinuno at ang Jerusalem ay magiging tunay na "Lunsod ng Panginoon" (60:14). Ang kaisipan ni Isaias sa kapayapaan ay tulad ng sa natitirang bahagi ng mga propeta: kapag ang katarungan ay ibinibigay sa mga nangangailangan at pinahihirapan at ang masama ay pinarusahan at winasak.

Ang mga partikular na talata sa Isaias 32: 16-18 ay isa sa maraming pangitain ni Isaias para sa “Shalom” ng Diyos (*Eirene* sa Griyego, na nangangahulugang kapayapaan). Ito ang uri ng kapayapaan at kaligtasan sa isang Mesianikong panahon kung saan ang mga maliliit na bata ay hindi mapinsala habang nakikipaglaro sila sa dating mabangis na mga hayop. Ito ay isang pangitain ng pambihirang kapayapaan at kasaganaan na darating sa Israel sa ilalim ng isang makatarungan at matuwid na pinuno.

Ang pangunahing layunin ni Mateo ay patunayan sa kanyang mga mambabasa na mga Judio na si Jesus ang kanilang Mesiyas. Ginagawa niya ito lalo na sa pamamagitan ng

pagpapakita kung paano natupad ni Jesus sa kanyang buhay ang katuparan ng Kanyang ministeryo buhat sa Lumang Tipan. Bagaman ang lahat ng mga manunulat ng Ebanghelyo ay sumipi sa Lumang Tipan, isinama ni Mateo ang siyam na patunay na nagtatangi sa kanyang Ebanghelyo o Mabuting Balita (1: 22-23; 2:15; 2: 17-18; 2:23; 4: 14-16; 8:17; 12: 17-21;13:35; 27: 9-10) upang bigyang diin ang kanyang pangunahing tema: Si Jesus ang Mesiyas, ang katuparan ng mga hula sa Lumang Tipan. Upang maisakatuparan ang kanyang layunin, binigyang-din ni Mateo na ang lahi ni Jesus ay mula sa lipi ni David, mula mismo sa unang kabanata ng Ebanghelyo.

Ang Mateo 5:9 ay nagmula sa Sermon ni Jesus Cristo sa Bundok, kung saan Si Jesus ay naghahatid ng isang kapahayagang nagsisilbing pagpapasinaya ng kanyang ministeryo, na nagpapaliwanag kung ano ang inaasahan niya sa mga kasapi o kabilang sa kanyang kaharian. Ang mga payo o alituntuning ito na tinalakay ay mukhang mahirap batay sa umiiral na moral at etikal na pamantayan subalit ito ay upang mapagtanto din na magagawa lamang natin ito sa tulong at patnubay ng Diyos. Ang talatang ito ay nagbibigay sa atin ng ideya sa hinaharap ng isang taong pipiliing maging tagapamayapa. Ang teksto ay nagsasabing ang tagapamayapa ay mapalad. Ang ibig sabihin dito ng mapalad ay higit pa sa pagiging masaya dahil karaniwan, ang kaligayahan ay isang emosyon na madalas nakasalalay sa panlabas na mga pangyayari. Dito, ang mapalad ay tumutukoy sa tunay na kagalingan at natatanging espirituwal na kagalakan ng mga nakikibahagi sa pamayanan ng Diyos. Ito ay hindi lamang pagiging "masaya" na kadalasang nakikilala sa "simpleng pagsasaya", mga kasiyahan at iba pa. Nagkakaroon tayo ng "kagalakan" na hindi kayang burahin ng anumang mapait na karanasan dahil sa may ganap na kapayapaan ang kalooban."

Ang mga Tagapamayapa ay nananatiling matatag, hindi natitinag ang kanilang paniniwala sa kabila ng kanilang pinagdadaanan dahil alam nila at naniniwala na sila ay nakakapit sa kaparaanan ng nag-iisang Diyos ng kanilang buhay; na Siyang may kontrol sa lahat ng bagay na nangyayari sa kanilang paligid. Dahil sa panloob na kapayapaan, sila ay nagiging matapat at madamdaming tagapamayapa. Ang mga tagapamayapa ay nagtataguyod ng kapayapaan. Sa paggawa nito, nagpapakita sila ng isang karakter ng kanilang makalangit na Ama at angkop na tawaging "mga anak ng Diyos".

Hinihikayat ng mga siping ito ang iglesia upang maging mga tagapamayapa ngayon. Ang iglesya bilang kinatawan ng Diyos at katawan ni Kristo ay binigyan ng gawain upang ipagpatuloy ang misyon at ministeryo ni Jesus na maganap ang tunay na kapayapaan sa gitna ng napakaraming nakapipinsala at di-makatarungang kalagayan na ting kinakaharap. Tandaan nating tayo ay mga tinubos na ng Mesiyas, ngayon ang ating pagkakataon upang isabuhay natin ang Mesiyas bilang mga anak ng Diyos.

Gabay sa mga Guro:

Samantalang ang mga imperyo sa kasaysayan ay itinatayo sa takot, ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa tunay at pangmatagalang kapayapaan. Sa kaharian ng Diyos titigil ang lahat ng pakikibaka laban sa dominasyon at monopolyong kontrol sa mga mapagkukunang yaman. Sa pagkakamit ng kapayapaang nakabatay sa katarungan, ang mga huwad na diyos at mga diyus-diyosan ng kapangyarihan at kayamanan ay babagsak at ang mga tao ay sasamba sa iisang Diyos lamang. Dito nag-uugnay ang pagsamba at hangarin para sa kapayapaan. Ang kuwento ng Exodo ay naglalarawan sa pag-alis ng mga Hebreo mula sa pang-aalipin at ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sila ay nasa isang paglalakbay tungo sa malayang lupain kung saan umiiral ang kapayapaan at tanging ang Diyos ang namamamayani.

Ang konsepto ng Banal na Kasulatan sa kapayapaan ay kinabibilangan ng parehong pagtatapos sa pakikidigma at pagtatatag ng katarungan. Ang propetikong pananaw na gagawin nilang tabak ang kanilang mga sudsod ay isang angkop na paglalarawan para sa pagtigil ng labanan at pagtatayo ng isang bagong lipunan. Walang maikling daan patungo sa tunay na kapayapaan. Ang matalinong kumbinasyon ng pagtigil ng labanan at ng unti-unting pagtatanggal sa mga istruktura ng kawalang katarungan ay nangangailangan ng isang mas malawig na proseso at sapat na panahon para sa pagpapagaling, at para ang magkakatunggaling panig ay magkaroon ng tiwala sa isa't isa at makayanang pandayin ang bagong kaayusan. Kung hindi ganito, ang proseso ng kapayapaan ay gagamitin lamang upang makakuha ng pantaktikang kalamangan at ibayong propaganda.

Sa mga panahong ito ng mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan, ang iglesya ay nangunguna sa prosesong pangkapayapaan na kinasasangkutan ng naglalabanang mga partido. Ang paghangad ng kapayapaan ay naging isang daan upang ang iba't ibang iglesya, magkakaiba man ang kanilang doktrina ay nagsama-sama at nagkaisa para dito. Kahit na wala pa silang nagkakaisang adyendang pangkapayapaan, ang iglesya ay kilala sa daigdig bilang masigasig na tagapagtaguyod ng kapayapaan. (Isinatagalog ni: Rev. Milagros Gundran-Rafols)

Layunin

Pagkatapos ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay nagagawang:

1. suriin ang pag-asa sa pananaw ng nasasaktan, naghihirap, nagluluksa at api;
2. Talakayin kung paanong ang Banal na Espiritu ay gumagawa upang magdala ng kaaliwan sa kasalukuiyang kalagayan gamit ang salaysay ng mga Israelita sa Babilonia;
3. Magtala ng mga bagay na magagawa sa iglesya upang matugunan ang kalagayan ng mga mananampalataya.

Mga Gagamitin: Biblia at mga papel na masusulatan

Kasanayang Pagakatuto (Learning Experiences)

A. PANIMULANG GAWAIN AT PANANAMBAHAN

1. Pagbati at Pagtanggap

2. Panimulang Panalangin

Panginoon bukas po Ninyo ang aming mga puso at isipan sa pakikinig at pag-unawa ng Iyong mga salita. Tulungan Ninyo po kami na maunawwan naming ang responsibilidad sa pagtatayo ng Iyong kaharian sa pamamagitan ng kapayapaan at katarungan. Tunay na kailangan po naming ang Inyong pangunguna sa Pangalan ni Jesus, kami ay dumadalangin. Amen

3. Panimulang Awiint: *“A United and Uniting Churh”* (HJF #244)

B. PAGHAHANDA

1. Isulat ang salitang KAPAYAPAAN sa pisara. Gumawa ng tatlong (3) hanay at sa bawat hanay nakasulat ang mga katanungan na ito.

Ano ang aking Pagkaunawa tungkol sa KAPAYAPAAN	Anu-ano pa ang aking maaaring malalaman tungkol sa KAPAYAPAAN	Ano ang aking natutunan tungkol sa KAPAYAPAAN

Sasagutan lamang ng mga mag-aaral ay ang una at ikalawang hanay at ang ikatlo ay sasagutan pagkatapos ng pagbabahaginan at talakayan ng aralin.

2. Pagkatapos gawin, pansamantalang itabi ng guro ang mga naging kasagutan sa mga tanong.

C. PAGTATALAKAY SA TEKSTO

Basahin ang dalawang inihandang teksto

Isaias 32:16-18 at Mateo 5:9 Magkaroon ng pag-aaral gamit ang mga mahalagang kaalaman impormasyon tungkol sa teksto.

1. Isaias 32:16-18 ;

Ang tekstong ito ay tumutukoy sa muling maibalik at magsimulang pairalin ang katanungan upang maging daan ito ng pagkakaroon ng Kapayapaan.

a. Nais ng Diyos na magkaroon sa Kanya at sa ating kapwa.

- b. Nais ng Diyos na maiayos ang mga relasyon at mabuo muli ang samahan sa kumunidad sa pamamagitan ng pagsusuri, pagsisisi at pag-ibig ng kapatawaran sa mga kamalian na nagagawa.
- c. Ang katarungan ng Diyos ay naipahayag sa pamamagitan ni Jesus. Katarungang nagpapalago (liberates) at nagpapanumbalik (restone)
- d. Ang maitatag muli ang kapayapaan ang pinakananais ng teksto.

2. Mateo 5:9 ;

Ang biyayang makakatam ng pagiging daan ng kapayapaan at ang pangako ng Diyos sa mga taong naging daan ng kapayapan ngayon sa kasalukuyan at sa darating na paghahari ng Diyos. Mga ilang talata sa Bibliyang may kaugnayan sa kahalagahan ng kapayapaan ng Diyos at ang patuloy na paghahangad ng kapayapaan sa buhay.

a. Bagamat ang kaunawaan ng nakararami ang kapayapaan ay iyong nakakaranas ng walang labanan o altan. Samantala, Ang Bibliya ay nagpapahayag na may kapayapaan sa gitna ng labanan at kagululuhan. Juan 14:27 - “Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay sa sanlibutan. Huwag kayong mabalsa; huwag kayong matakot.”

Ang Kapayapaan ito ay tumutulong upang mabuo at maiayos ang relasyon mayroon tayo. Sinasabi na magiging ganap ang kapayapaan kung mayroon tayong matatag na relasyon sa Diyos upang sa gayon makapagbahagi tayo ng kapayapaan sa iba.

b. Roma 5:2-5 - “²Sa pamamagitan nga niya’y tinatamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at lubos tayong nagagalak sa ating pag-asa na makakasama sa kanyang kaluwalhatian. ³Bukod dito, nagagalak tayo sa ating mga pagbabata sapagkat alan nating ito’y nagbubunga ng patitiyaga. ⁴At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng katatagan, at ang katatagan ay nagbubunga ng pag-asa. ⁵Hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob na sa atin.”

c. Roma 12:18 - “¹⁸Hangga’t maaari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao.”

d. Efeso 2:13-17 - “Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus, kayong dating nasa malayo ay nailapit sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Pinagkasundo niya tayo. Kaming mga Judio at kayong mga Hentil ay kanyang pinag-isa. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, pinawi niya ang alitan na parang pader na naghihiwalay sa atin. Pinawalang bisa niya ang Kautusang pawang mga utis at tuntunin upang pag-isahin sa kanya ang dalawang bayan at maghari ang kapayapaan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang alitan ng dalawang bayan, kapwa pinapanumbalik sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan. Naparito si Cristo at ipinangaral sa lahat ang Mabuting Balita ng Kapayapaan sa inyong mga Hentil na malayo sa Diyos, at sa mga Judio na malapit sa kanya.”

e. Hebreo 12:14 - “Magpakabanal kayo at sikaping makasundo ang inyong kapwa, sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay ng ganito.”

f. 1 Pedro 3:10-12 - “¹⁰Ayon sa nasusulat:
 Ang may nais ng payapa at saganang pamumuhay,
 Dila niya ay pigilin sa paghabi ng kasama’n
 . Ang marayang pangungusap at anumang panlilinlang ,
 Sa kaniyang mga labi’y pag-ingatang huwag nukal.
¹¹Ang gawaing masasama ay iwasan sa tuwina,
 At magsanay sa ugali na matuwid at maganda.
 Ang mithiing mapayapa at mabuting pakisama,
 Sa kaniyang puso’t diwa ay tuntuning nangunguna.
¹² Ang mata ng Panginoon’y nakatuon sa matuwid,
 Panalangin nila’y malugod na agad dinirinig.
 Ngunit tuwing makikita ang sa taong gawang lihis,
 Yaong banal niyang mukha, sa poot ay nagingtingit!”

D. PAGBABAHAHI

1. Ihanda ang klase na magbigay ng kanilang, komento sa mga sumusunod na hanay:

Ano ang sinasabi ng SANLIBUTAN	Ano ang sinasabi ng BIBLIYA	Ano ang maaaring gawin ng mga MATATANDA
● Ang kapayapaan ay walang alitan, awayan o labanan nararanasan	● Ang kapayapaan mula sa Diyos ay ipinamuhay ni Jesus at bunga ng Banal na	● Makilahok sa pagtataguyod ng kapayapaan sa tahanan at komunidad sa pamamagitan ng

<ul style="list-style-type: none"> ● Huwag makialam sa problema ng iba. Hayaan na lang natin na ang sinumang may problema siya ang mag-isip ng solusyon dito. ● Ang katarungan ay para sa mga mayayaman 	<p>Espiritu.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Kung ang katarungan ay hindi naging daan ng pagpapanubalik, nagpapalaya at nagpapabago ang kapayapaan ay hindi mangyayari ● Tayo’y inaasahan upang maging tagapagdala ng Diyos ng kanyang kapayapaan ● Shalom (Kapayapaan) hindi lamang tumutukoy sa wlang awayan o labanan kundi patuloy na nararanasan ang kabutihan ● Bilang nanampalataya pagtibayin ang pagkakaroon ng mapayapang relasyon sa Diyos upang magkaroon ng mapayapang ugnayan sa iba. 	<p>pakikisama at pakikipag-kaibigan na maibahagi sa tao ay tungkol kay Jesus.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Pakikinig at pagtulong sa tao pagresolba ng problema ● Nagsasabi tayo ng kabutihan ng tao. ● Nakikibahagi sa mga gawain o programa ng kapayapaan ● Pagiging mapagpatawad at handang humingi ng kapatawaran.
---	--	--

2. Talakayin ang mga nararanasang hamon at sularanin ng inyong Iglesia Local sa pagtataguyod ng kapayapaan sa inyong lugar. Paano ka makakatulong na maging daluyan ng kapayapaan sa inyong komunidad.

3. Alamin sa inyong lugar ang mga samahan o ahensyang nagtataguyod ng kapayapaan. Handa ba tayo makilahok/ sumali rito.

E. ARAL MULA SA BIBLIA

Tanong: Anu-ano ang pamamaraan o daan ng kapayapaan? Papaano natin mapapahinto o mapapatigil ang mga di makatarungan nangyayari sa kapaligiran upang maitatag ang ganap na kapayapaan?

F. PAGESASABUHAY

Pag-aralan ang mga gawaing pangkapayapaan na nakahanay. Talakayin at hikayatin na sila’y pumili kung saan sila makikilahok na gawain.

1. Magbahagi ng mga salita ng Diyos na makapagbibigay ng kapayapaan lalo na sa mga taong nakakaranas ng alalahanin, kapaguran o takot.
2. Dumalo at Makibahagi sa inyong Iglesia local sa mga grupo o samahang nananalangin. Isulat ang mga pangalan nais ipanalangin.
3. Maghanda ng mga “love notes” sa inyong pamilya para sa ikatutulong ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Samahan rin ito ng mga talata sa Bibliya.
4. Makiisa at lumahok sa pagtataguyod ng kapayapaan.
5. Itaguyod ang kasabihang “Hate Hurts, PEACE Heals”

G. PANGWAKAS NA PANANAMBAHAN

1. Paghahandog
2. Pagwakas na Awitin

Ang Kapayapaan
(Let There Be Peace)

Sa sandaigdigan mithi’y kapayapaan,
Ang kapayapaang batay sa katarungan;
Dios na S’yang patnubay, ng lahi’t bayan.

Hamon sa ‘ting ugnayan ay pagmamahalan.
Ang kapayapaan sana ngayo’y dumatal,
upang kaganapan ng buhay ay makamtam;

Diwat damdamin ay pagalabin sa ‘ming adhikain,
Sa kapayapaan ng buong daigdigan.

H. PANGWAKAS NA PANALANGIN

Inihahandog po namin sa Inyo O Diyos ang aming katapatan. Pagkalooban po Ninyo kami ng lakas, tapang at pananalig upang sa aming pananalita at pagkilos bilang tagapagdala ng kapayapaan. Ito po ang aming pag-samo at panalangin sa makapangyarihang pangalng ni Jesus. Amen (Isinalin sa Tagalog ni Rev Gailry Tadosa)